
# PAANO GUMAGANA ANG POTASSIUM IODIDE (KI)

Ang KI ay isang tableta o likidong maaaring gamitin sa mga emerhensiyang radyasyon na kinasasangkutan ng radioactive na iodine. Ang KI ay naglalaman ng hindi radioactive na iodine. Nakakatulong ang hindi radioactive na iodine na pigilang masipsip ang radioactive na iodine ng thyroid gland.







Hindi mapipigilan ng KI na makapasok sa katawan ang radioactive na iodine at hindi nito mababaligtad ang mga epektong pangkalusugang dulot ng radioactive na iodine kapag napinsala na thyroid gland.



Huwag gumamit ng asin o pagkain bilang pamalit sa KI. Ang asin at mga pagkaing mayaman sa iodine ay walang sapat na iodine upang pigilan ang radioactive na iodine na mapunta sa iyong thyroid gland. Maaaring makasama ang sobrang daming asin.



Huwag gumamit ng mga suplementong pandiyeta na mayroong iodine bilang kapalit ng KI. Gumamit lamang ng mga produktong KI na aprubado ng U.S. Food and Drug Administration (FDA).



Uminom lamang ng KI sa payo ng medikal na doktor, mga opisyal ng pampublikong kalusugan, o pamamahala ng emerhensiya. Ang pag-inom ng sobrang daming KI o pag-inom ng KI kapag hindi inirekomenda ay maaaring magdulot ng malulubhang panganib sa kalusugan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa dosis ng KI at mga side effect nito, pumunta sa http://emergency.cdc.gov/radiation

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention